



Teleskopyong Pangkalawakan James Webb FILIPINO

Ito ay magiging pangunahing obserbatoryong pangkalawakan para sa mga dalubtala o astronomers sa buong mundo, at papalawakin pa nito ang mga kamangha-manghang natuklasan ng *Hubble Space Telescope*.

Isang pandaigdigang kolaborasyon ng *NASA*, ng *European Space Agency*, at ng *Canadian Space Agency*.

Ito ang pinakamalaking teleskopyo na ilalagay sa kalawakan; mas malakas nang isang daang beses sa kakayahan ng Hubble.

Sa sobrang laki, ito ay kinakailangang itupi tulad ng origami upang magkasya sa rocket, at ibukadkad na parang "*Transformer*" sa kalawakan.

Mayroong limang patong na *sunshield* na magsisilbing proteksyon ng teleskopyo mula sa infrared radiation na nagmumula sa Araw, Mundo, at Buwan; katumbas nito ang isang milyong SPF na proteksyon sa Araw.

Dahil sa pagiging sensitibo nito sa *infrared*, kaya nitong makita ang mga unang galaktika na ipinanganak pagkatapos ng Big Bang, higit 13.5 bilyong taon ang nakalipas.

likot ito sa Araw na may 1.5 milyong kilometrong layo mula sa Mundo. (Ang Hubble ay may layo na 560 kilometro mula sa Mundo.)

